## MGA TALA HINGGIL SA MGA KONTRIBYUTOR

**Gonzalo A. Campoamor II.** Katuwang na Propesor sa Kolehiyo ng Arte at Literatura ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman at patnugot ng *Philippine Humanities Review*, ng *Lagda*, at ng *Pingkian: Journal for Emancipatory and Anti-Imperialist Education*. Nagtuturo, nagsasaliksik, at naglalathala hinggil sa wikang pambansa at politika ng wika sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng parehong Unibersidad. Nagtapos ng Ph.D. sa Kasaysayan (2009) at M.A. sa Kasaysayan (2006) sa Hitotsubashi University sa Tokyo, Japan. Nagtapos din siya ng M.A. Filipino (2002) at B.A. Philippine Studies (1996) sa UP.

**Pauline Mari F. Hernando.** Kasalukuyang Instruktor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, UP Diliman. Magtatapos siya ngayong semestre ng M.A. Filipino: Wika. Nakatuon sa kilusan ng pagpapalaya sa kababaihan ang kaniyang kasalukuyang pananaliksik. Interesado rin siya sa panulaan ng kababaihan gayundin sa iba't ibang disiplina sa sining-biswal. Nailathala na ang ilan sa kaniyang mga akda sa UP Press, The Literary Apprentice, at Newslink. Maaari siyang maabot sa paulinehernando@gmail.com.

**Schedar D. Jocson.** Kasalukuyang guro sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ng UP Diliman. Nagtapos siya sa parehong institusyon ng kaniyang B.A. Filipino at M.A. Filipino. Sa kasalukuyan, nagsusulat si G. Jocson ng mga papel na may kinalaman sa pananaliksik, wika at midya, at politika ng wika.

**Angelito G. Manalili.** Propesor at dating Dekano ng Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan ng UP Diliman. Nagtapos ng Ph.D. sa Philippine Studies sa UP Diliman (1985), M.A. sa Public Administration sa University of Manila (1975), at B.A. Political Science sa University of the East (1971). Tumanggap ng Gawad Parangal mula sa UP bilang Katangi-tanging Guro, at Sertipiko ng Pagkilala para sa kaniyang gawaing ekstensiyon na patuloy na nagpapahusay at nagbabandila ng teorya at praktika ng pagpapaunlad ng pamayanan.

**Jose R. Medina.** Dating Propesor ng UP Los Baños at naglingkod bilang Direktor ng UPLB Ugnayan ng Pahinungod. Nagtapos si Dr. Medina ng Ph.D. Entomology (minor in Continuing Adult Education) sa University of Wisconsin noong 1987, M.S. Entomology, at B.S. Agriculture sa UP Los Baños. Sa kasalukuyan, nananatiling awtoridad si Dr. Medina sa larang ng agrikultura, at patuloy na sinasangguni ang kaniyang kadalubhasaan ng mga ahensiyang pampamahalaan at pribadong sektor. Nakapaglathala na rin siya ng mahigit-kumulang 43 artikulo sa iba't ibang journal at mga aklat.

**Epifanio San Juan, Jr.** Kasalukuyang fellow ng Harry Ransom Center, University of Texas, Austin. Siya rin ay Professor Emeritus ng English, Comparative Literature & Ethnic Studies, Washington State University at University of Connecticut. Naging kasapi rin sa W.E.B. Du Bois Center at Fulbright Professor of American Studies, Katholieke Universiteit Leuven, Belgium; at visiting professor sa National Tsing Hua University at Tamkang University, Taiwan. Ilang bagong libro niya: *Critique and Social Transformation: Lessons from Gramsci, Bakhtin and Raymond Williams* (Mellen), *Rizal in Our Time, Revised Edition* (Anvil), *Balikbayang Sinta: E.San Juan Reader* (Ateneo U Press); *From Globalization to National Liberation* (UP Press);*Critical Interventions (*Lambert*); Ulikba at iba pang tula* (UST Press), at *Bukas Luwalhating Kay Ganda* (createspace.com).